# CALAMBALITA

Vol. 2 No. 015

August 31, 2018 Bilang 19




**Registration Certificate of City Government of Calamba**
**ISO 9001: 2015**




## CALAMBA CITY NOW ISO 9001:2015

The City Government has received the ISO 9001:2008 certification for Public Administration covering Business Permits and Tricycle Franchising Office, City Civil Registry, City Assessment Office and City Treasury Management Office (Disbursement, Revenue Collection and Calibration) in August 2016.

The standard has been updated to ISO 9001:2015 and since February 2018, we have been using this version as our standard. Last April, AJA Registrars, Inc. conducted an audit on our services and operations to verify if we have been recommended for ISO 9001:2015.

On August 20, 2018, Mayor Justin Marc SB. Chipeco received the certificates awarded by AJA Registrars Inc. during the weekly flag ceremony. “In our continuous effort to provide quality public service to our constituents, we are constantly striving to surpass ourselves by raising our standards and working hard to meet them,” Mayor Chipeco said.

Local governments as a rule, seldom seek ISO certification because of its rigid standards but true to form, the City Government of Calamba accepted the challenge to rise above the norm.

*(Chona Paguyo)*

# MULA SA KABATAAN, PARA SA KABATAAN

## #ExpectationVSRealityJMC2018



**JUSTIN JOHN BUSTAMANTE**
**Junior Model City Mayor**

"Before JMC, ineexpect ko na mabi-build ang pagkatao ko, communication skills at pagiging leader pero during the program mas higit pa roon ang natutunan ko kasi natuto akong makisalamuha sa ibang tao, makisama sa kapwa ko leader at higit sa lahat napagtanto ko na kahit gaano ka ka-busy, hindi mo dapat kalilimutan ang Panginoon. Para sa mga kabataan, lahat tayo may kakayahang mamuno, nasa sa'tin lang kung paano natin ito sisimulan at kung paano tayo maghahandle ng sitwasyon. Sabi nga, a good leader is a good follower."



**MARGARITA ELOISA SALCEDO**
**Junior Model City Vice Mayor**

"Sobrang saya. Si Vice mismo ang nag-explain sa akin ng trabaho niya at ang dapat na pag-uugali o moral ng isang vice mayor. Nakaka-inspire si vice at gugustuhin ko rin maging vice mayor. Sabi nga, 'nobody remembers the second' pero siya yung pangalawang ama na hindi ko malilimutan. Nakita ko na sobrang laki ng ginagampanan ng isang vice mayor kailangan ang critical thinking kasi ang daming kailangang pagdesisyunan."

Kailangan responsable at bukas sa iba, hindi lang para sa sarili.
**CRIS JOHN CARAGAY,** JM SK Federation President

Masarap tumulong sa kapwa natin Pilipino.
**JOANNA MARIE CIELO,** JM City Councilor CATINDIG

Hindi biro ang maging konsehal dahil marami silang ginagampanan.
**GERALD BENAVIDEZ,** JM City Councilor MORALES

Kada may papasok binibigay talaga nila ang kailangan. Masaya at nagkakasundo talaga sila.
**CATHERINE ARGOSINO,** JM City Councilor LAJARA

Kailangan 'pag may nakita kang tao, totoo ka. At dapat bukas palad sa lahat ng mga nangangailangan kahit pagod ka, kailangan masaya.
**JORDAN HINAGPIS,** JM City Councilor ALCASID

Hindi madali ang trabaho ng isang konsehal, parang magulang na maraming kailangang intindihin at alalahanin.
**PAULINE CRUZ,** JM City Councilor HERNANDEZ

Nagkaroon kami ng sessions at nabigyan ng pagkakataon na magsalita kaya na-enhance ang communication skills ko, hindi na utal-utal.
**EDDISON GREGORIO,** JM City Councilor PEREZ

Hindi biro na maging konsehal, akala ko hayahay lang. Dapat hindi napapagod sa pagserve sa bayan.
**MELCHIZEDEK MENDEZ,** JM City Councilor T. LAZARO

Kahit na normal na tao may responsibilidad sa buhay, kahit wala sa mataas na posisyon.
**ASHLEY PAPIO,** JM City Councilor ESPIRIDION

Sinasabi nila wala daw ginagawa ang mga tao sa munisipyo kaya syempre ayun naging mindset ko pero dahil sa Junior Model City Officials (JMC) mapu-prove ko na marami talaga silang ginagawa at para talaga ito sa mga tao. Nalaman ko rin na marami palang serbisyong ino-offer ang munisipyo kaso yung iba hindi alam.
**INAH ROSE TAYAM,** JM City Councilor J. LAZARO

Ang pagtulong sa kapwa ay walang oras at walang hinihinging kapalit. Anytime handa ka dapat tumulong.
**MARK NELSON PEREZ,** JM City Councilor ATIENZA

Masaya na naging bahagi ako dahil natutunan ko ang mga bagay under agriculture, yung mga planong ina-apply maging ang mga on-going.
**CERA OLITOQUIT,** JM City Agriculture

Kailangan magaling mag-plano at mag-estimate kung hanggang kailan ito matatapos.
**JESTONI CASTILLO,** JM City Planning

Nalaman ko ang iba't ibang law sa senior citizen.
**JANETH HOLGADO,** JM OSCA

No man is an island. Hindi kaya ng isang tao ang isang bagay 'pag mag-isa lang siya.
**IVAN LUIS MALBATAAN,** JM Executive Assistant to the Mayor

Nalaman ko kung paano umiikot yung pera, dadaan muna sa treasurer, budget bago sa accountant.
**CHARMS SORIANO,** JM City Accountant

Be a good leader.
**JOHN MICHAEL BARIRING,** JM City Environment






# YOUTH FOR GLOBAL GOALS, PAG-ABOT SA 17 SDG

Tinalakay ang 17 Sustainable Development Goals (SDG) sa Youth for Global Goals na ginanap sa Central I, Calamba City noong 16 Agosto 2018.

Ang Youth for Global Goals ay isang sampaksaan (symposium) para sa mga kabataan upang ipaalam na kahit sa maliit na bagay ay maaari silang maging kabahagi sa pag-unlad ng bansa o mismo rito sa Lungsod ng Calamba.

Malaki ang magiging parte ng kabataan sa pag-abot ng SDG dahil ito ang pinakamalakas na sektor sa lipunan na may kakayahan, oras at lakas .

Isa pa, ito'y paghahanda para sa kanilang hinaharap at sa mga susunod pa na henerasyon.

Ayon kay Bb. Tintin Liangco, Section Head ng City Youth Development Section, kung ang isang kabataan ay may alam sa global goals, maaari silang makapag-ambag kahit sa bahay, pamilya, komunidad, lungsod at bansa dahil ang maliit na bagay na kanilang maibabahagi ay malaking tulong sa mundo o sa United Nation (UN).

Ibinahagi sa sampaksaan ang 5 klaster ng SDG - people, prosperity, planet, peace at partnership.

Si Laguna Provincial Youth Development Marlon Mangahas ang nagtalakay ng unang klaster ng global goals. Binanggit niya rito ang unang anim na icon ng SDG - no poverty, zero hunger, good health and well-being, quality education, gender equality, at clean water and sanitation o ang 'basic needs' ng isang tao at ang impact nito.

Naging mas interesado ang mga kabataan ng ibinahagi na ni Leonardo Opulencia, Department Head ng Cooperatives and Livelihood Development Department, ang ikalawang klaster ng SDG dahil binigyan sila ng ideya kung paano kikita ng pera kahit nag-aaral pa lamang.

Dagdag pa rito ang talakayan ukol sa kapayapaan (peace) at planet. Ani Bb. Tintin, "True development can only thrive in a peaceful community. Gayundin naman sa planet, walang development kung sira ang planeta."

Kasama rin sa naging taga pagsalita si Percival Sandara, ang utak ng Walk in Her Shoes dito sa Pilipinas, National Youth Commissioner Secretary, ang ina ng Sangguniang Kabataan (SK) reform act maging si Vergilio Bolino Jr., ang Coordinator ng Philippines Youth for National, at Cristine Sandoval, isang environmental scientist.

Umabot sa 300 kabataan ang nakadalo sa sampaksaan. *(Jialyn Quilao/ IIPESO)*




# IKA-276 TAONG PAGKATATAG NG BAYAN NG CALAMBA

Ang Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco at ang buong mamamayan ng Calamba ay nagdiriwang ng ika-276 taong pagkatatag ng bayan ng Calamba Bago ito naging hiwalay na bayan ang Calamba ay dating sakop ng Tabuco , ngayon ay kilala bilang Cabuyao. Ang Calamba ay naging isang malayang pueblo Agosto 28, 1742.

Bilang paggunita , ang Cultutal Affairs Tourism and Sports Department ay naglahad ng mga sumusunod na programa na gaganapin sa Banga City Plaza 24 Agosto 2018 ganap na ika-6:00 ng hapon. *(Marivic Balba /Jialyn Quilao )*



# LARONG PINOY ISINAGAWA NGAYONG HISTORY MONTH

Isinagawa ang Larong Pinoy bilang paggunita sa pagkatatag ng bayan ng Calamba at History month.

Ginanap ito sa Jose Rizal Plaza noong 27 Agosto 2018 sa pangunguna ng Cultural Affairs, Sports and Tourism Development Department.

Layon ng palarong ito na ibalik ang mga sinaunang laro dahil kadalasan ngayo'y nakatuon na lamang ang mga kabataan sa mga gadgets kaya nalilimutan na ang pisikal na akitibidades at nais din ng programang ito na hikayatin ang mga kabataan na patuloy tangkilikin ang sariling laro ng mga pinoy.

Ayon kay City Tourism Officer Larissa Malirao, nakipag-ugnayan sila sa mga Sangguniang Kabataan (SK) ng iba't-ibang barangay dito sa Calamba upang gawing kabahagi ang mga kabataan sa palarong ito.

Ang nakilahok nga sa pagdiriwang ay mga kabataan, Persons with Disability (PWD) at Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender (LGBT).

Patintero, hulihan ng buntot ng alupihan, karera ng sako, takbuhan relay, batakang lubid, sipa at tamaang bola ang mga ginanap sa Larong Pinoy. *(Jialyn Quilao/IIPESO)*

# WINNERS OF YOUTH WEEK COMPETITION

Youth Week 2018 was observed in Calamba City from August 12-18, 2018. Youth parade was done as launching activity and ended up with Youth Night: Unite, highlighted by the grand finals of Youth Got Talent 3 and Spoken Word Poetry.

Winners received cash prizes and plaque of recognition while non-winners received consolation prizes and certificate of appreciation. *-Aliwalas Carmen*



### Photo Contest

| | | |
|---|---|---|
| Champion | : | Sherlyn Love Cabangal |
| 1st Placer | : | Jerico Jimenez |
| 2nd Placer | : | Ryan Pantaleon |



### Youth Got Talent

| | | |
|---|---|---|
| Champion | : | HYPEBES |
| 1st Placer | : | LEGIT |
| 2nd Placer | : | Jozzeth Tiu |
| | | Pointe 5 |
| People's Choice Award: | | Blazing Duo |



### Spoken Word Poetry

| | | |
|---|---|---|
| Champion | : | Krishien Dullavin |
| 1st Placer | : | Christine Joy Balaba |
| 2nd Placer | : | Larissa Mayumi Torres |

# CALAMBA CITY NUTRITION, MULING PINARANGALAN BILANG NUTRITION HONOR AWARDEE

Sa pangalawang pagkakataon, pinarangalan bilang National Honor Awardee (NHA) ang City Nutrition ng Calamba sa ginanap na Regional Nutrition Awarding Ceremony sa Acacia Hotel, Filinvest, Alabang noong 14 Agosto 2018.




Batay sa nakaraang taong pagsasagawa at pagpapanatili ng mga magagandang programa ng kagawaran ang ginawad na parangal ngayong taon gaya ng nakamit na parangal noong 2017 na binase sa performance nung 2016.

"Masaya kami [coordinating agency] syempre . Lahat kami nagtulong-tulong para rito at masaya dahil nag pay-off lahat ng effort namin," ani Aleli Catalina Y. Jimenez, Nutrition Officer IV o City Nutrition Action Officer.

Kasabay naman ng kasiyahan ang bahagyang pagbigat ng naka-atang na responsibilidad ngayong taon 'pagkat ito ang magiging batayan sa susunod na taon kung makakapasa sa National level.

Kinakailangan na mapanatili ng kagawaran ang magagandang programang nasimulan at magsagawa ng panibago para magpatuloy ang magandang kalagayan ng nutrisyon dito sa Calamba.

Sa ngayon, pagtutuunan ng pansin ng City Nutrition ang pagpapababa ng malnutrition rate rito sa lungsod na magiging daan upang muling makamit ang NHA at mag-qualify sa national level.

Bumati naman ng papuri si Mayor Justin Marc "Timmy" Chipeco sa City Nutrition at mananatili ang suporta nito hanggang maabot ang National level at maging Malacañang awardee.

Kasama rin sa nabigyan ng recognition ang mga finalist ng Calamba gaya ng Barangay Looc bilang Outstanding Barangay Nutrition Committee at ang Canlubang para sa Outstanding Barangay Nutrition Scholar.

*(Jialyn Quilao/IIPESO)*

# DDBC SEC. UY, PANAUHIN SA 1ST CADCC ANNIVERSARY




Ipinagdiwang noong 11 Agosto 2018 ang 1st Anniversary ng Community Anti-Drug Coalition of Calamba City (CADCC) na may temang "Paigtingin ang Ating Nasimulan, Droga'y Puksain at Wakasan". Nagkaroon ng motorcade ang 54 barangays na hinati sa limang (5) cluster at pagkatapos ay sinimulan ang programa sa LLC Auditorium.

Nakapag-organisa na rin ang CADCC ng isang grupo ng kabataan na lumalaban din sa droga, ang Kabataang Ayaw sa Droga ng Calamba City (KADCC) na may panawagan sa 54 SK Chairman na, "Gising Kabataan, Atin nang Puksain at Wakasan ang Mapaminsalang Droga na Salot ng Lipunan". Naging panauhing pandangal sa nasabing okasyon ang Chairman at Secretary ng Dangerous Drugs Board Catalino S. Cuy, kasama sina PNP Regional Director Gen. Edward Esperat Carranza; PDEA Region IV-A Director na kinatawan ni PIO Maryann Lorenzo; PSupt. Joselito de Sesto; Kgg. Joaquin M. Chipeco ng Ikalawang Distrito ng Laguna; Kgg. Justin Marc SB. Chipeco at ang In-Country Coordinator ng Community Anti-Drug Coalitions of America (CADCA) Dr. Raquel P. Tolentino.

Isinagawa rin ang pagpapakilala at panunumpa ng mga KADCC sa harap at pamumuno ni Mayor Chipeco. Ipinataw sa nasabing okasyon ang mga inihandang Anti-Drug Solution ng CADCC at KADCC. Nagkaroon ng covenant signing na may pamagat na "Pagkakaisa at Paninindigan", ang lahat ng dumalo kabilang ang may

50 kapitan ng barangay kasama ang kanilang mga kagawad, SK at BADAC at 18 iba't ibang organisasyon.

Ang CADCC ay isang boluntaryong organisasyon na sinusuportahan ng ating butihing Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco. Layunin ng CADCC na isulong at maglunsad ng Drug Abuse Prevention Awareness, Information and Services upang gisingin at iangat ang kamalayan ng mga mamamayan tungkol sa dulot at banta ng iligal na droga at magkaroon ng isang ligtas, payapa, malusog at drug free Calamba City. Kumikilos ang koalisyong ito upang tulungan ang buong komunidad ng Calamba upang makapagbalangkas ng plano, magpatupad ng mabisa at epektibong pamamaraan sa pagsugpo ng paglaganap na iligal na droga para sa kaligtasan ng maraming mamamayan lalong-lalo na ang mga susunod na henerasyon.



Naging masigla ang nasabing okasyon dahil sa suportang ipinagkaloob ni Mayor Chipeco, Gob. Ramil Hernandez, Bokal Ruth Mariano-Hernandez, Kon. Charisse Ann Hernandez, Kon. Totie Lazaro, Kon. Dyan Espiridion, Kon. Saturnino Lajara, Kon. Gigi Alcasid, Kon. Peewee Perez, Kon. Johnny Lazaro at ABC President Larry Dimayuga.- *Millet Revano*




# TRADE FAIR SA FOUNDATION DAY NG CALAMBA

Nakilahok ang iba't-ibang mga kooperatiba at entrepreneurs na Calambeño sa Foundation Day Trade Fair noong 28 Agosto 2018.

Ginanap ito sa main lobby ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba bilang pakikiisa at pagbibigay buhay sa ika-276 taong pagkatatag ng bayan ng Calamba.

Pinangunahan ito ng Cooperatives and Livelihood Development Department (CLDD) kasama ang buong suporta ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco at Sangguniang Panlungsod ng Calamba.

Ayon kay Senior Cooperative Development Specialist Phoebe Cervanres, layon ng programang ito na palaganapin ang mga lokal na produkto at tulungan ang mga entrepreneurs na bumuo ng linkages upang mas makilala ang kanilang produkto hindi lamang sa Calamba pati na rin sa iba pang lugar.

Isa sa mga nakilahok sina Gloria Ebrada at Maria Liza Valencia ng Brgy. Canlubang.


Aniya, "Nagsimula ang aming produkto [ube] dahil nag-alok ang CLDD ng livelihood sa pamamagitan ng Persons with Disabilities Affairs Office (PDAO). Nagkaroon kami ng training at tinuruan kami kung anong pwedeng gawin sa ube at ngayon nga'y kabilang na kami sa kooperatiba."

Para naman kay Lannie Tamayo, malaking tulong ang trade fair dahil marami siyang naging benta kumpara ng nasa bahay lang na madalang ang customer at kadalasan umoorder lang kapag nauubusan.

Ito na ang ikatlong trade fair ngayong taon at magkakaroon pa uli sa darating na October 1 - 4 sa SM Calamba bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng Cooperative Month at 2nd Calamba City Cooperative Summit.

*(Jialyn Quilao/IIPESO)*






# PANANALIKSIK NG WIKANG FILIPINO, PAIIGTINGIN

Palalakasin ang pananaliksik ng Wikang Filipino sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong Agosto 2018 na may temang "Wika ng Saliksik" sa pangunguna ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF).

Nakasaad ito sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 119 serye 2018 na inilabas ng Kagawaran ng Edukasyon na may layuning ipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041 ng 1987 Konstitusyon, hikayatin ang mga Pilipino na pahalagahan ang wikang pambansa at pataasin ang kamalayang pangwika at sibiko.

Ibinaba ito sa mga punongguro at taga pamahala ng pampubliko at pribadong paaralan upang siyang mamahala sa mga gawain ukol sa Buwan ng Wika.

Hinihikayat ang mga paaralan na mag-organisa ng panayam, presentasyon ng mga saliksik, forum at lecture.

Inirekomenda rin ng KWF na magkaroon ng patimpalak na 'Iispel Mo!' habang patuloy pa ring isasagawa ang taunang paligsahan kapag Buwan ng Wika, ang National Festival of Talents (NFOT) sa Filipino na gaganapin sa 31 Agosto 2018. Nakapaloob sa patimpalak na ito ang Madulang Pagkukwento para sa mag-aaral ng baitang 4-6, Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula) para sa baitang 6, Interpretatibong Pagbasa para sa baitang 7-10 o Junior High School (JHS), at Dagliang Talumpati para sa 11-12 o Senior High School (SHS).

Uumpisahan ang patimpalak sa kanya-kanyang paaralan (school level) na tutungo sa distrito (district level) hanggang makaabot sa division level na gaganapin sa 1 Setyembre 2018.

Ang Buwan ng Wika nga ang isa sa mga pinakamahalagang okasyon na ipinagdiriwang ng mga Pilipino kada taon 'pagkat binibigyang pansin nito ang kahalagahan ng pagtangkilik sa sariling wika.

Isang paalala ang binitawan ni Educational Program Supervisor (EPS) Filipino I Lino Sanchez na hindi lamang dapat tuwing Agosto ginagamit ang wikang Filipino bagkus sa bawat panahon, pagkakataon, at saan mang lugar.

Dagdag pa niya, mahalagang gamitin ang wikang Filipino sa mga tanggapan at kapag may mga anunsyo upang mas madaling maunawaan ng mga tao o masa.

Hinamon naman niya ang mga kabataan na tangkilikin at paunlarin ang Wikang Filipino.

(Jialyn Quilao/IIPESO)

# 8M NA PATUBIG SA SAIMSIM, SINAGOT NI MAYOR TIMMY

8-milyong pondo ang sagot ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco sa problemang inilatag ng Barangay Saimsim hinggil sa patubig.

Ayon kay Mayor Timmy, ito'y doble sa normal na pondong inilalaan para rito dahil mahirap makakuha ng tubig at ayaw naman niyang masayang ang pera nang walang nangyayari.

Ang 8-milyong pondong ito'y gagamitin para sa mas magandang materyales na madaling makapagpapaahon ng tubig at upang magtuloy-tuloy ang magandang daloy nito.

Binanggit niya ito sa Serbisyo Caravan na ginanap sa Brgy. Saimsim noong 24 Agosto 2018.

Pasasalamat ang nais ipaabot ni Kapitana Miriam Manalo, bagong halal na punong barangay ng Saimsim, sa solusyong sagot sa problema na kanilang inihain.

Ikinatuwa rin niya ang matagumpay na paghahatid ng Serbisyo Caravan sa kanilang barangay dahil ang hiniling lamang niya'y medical at dental mission ngunit ang ibinigay ay sobra-sobra pa.

Ginanap ang ikapitong Serbisyo Caravan sa Jose Platon Memorial School (JPMS), Brgy. Saimsim na dinaluhan ng iba't-ibang ahensya ng lokal na pamahalaan.

*(Jialyn Quilao/IIPESO)*



# IKA-24 JOB FAIR NGAYONG 2018 ISINAGAWA SA CALAMBA CITYHALL

Dinaluhan ng 32 kumpanya (27 lokal at 5 overseas) ang ginanap na Foundation Day Job Fair sa City Hall ng Calamba noong 28 Agosto 2018.

Ikinatuwa ng DLB International Incorporated, isa sa mga kumpanyang nakilahok, ang isinagawang programa dahil mas maraming tao ang nakadalo at kita na mas pinaghandaan talaga ito.

Umabot sa 628 ang aplikanteng nakapunta, 256 na lalaki at 372 na babae, at 173 naman ang partial na bilang ng hired-on-the-spot (HOTS).

Ayon kay Mary Elaine Paner, isa sa mga aplikante, ito ang unang beses niyang makadalo sa job fair at malaking tulong dahil maraming kumpanya ang pwede niyang pasukan.

Pinangunahan ito ng Information, Investment Promotions and Employment Services Office (IIPESO) katuwang ang iba't-ibang Barangay Employment Services Office (BESO) ng Calamba, Chairman ng Employment Councilor Johnny Lazaro at Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco. *(Jialyn Quilao/IIPESO)*

# LET'S GET TO KNOW GAD

Mas pinaigting at pinalawig pa ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba ang pagpapatupad ng Gender and Development (GAD) na naglalayong mabigyan ng pantay na karapatan at oportunidad ang mga kababaihan bilang aktibong kaagapay sa pagpapaunlad ng bansa alinsunod sa pagkakapantay-pantay ng mga kasarian.

Pinagtibay noong 17 Disyembre 2012 ng Sangguniang Panglunsod ang Resolution No. 341 o ang GAD Code of Calamba kung saan nakapaloob ang mga karapatan at pribilehiyo ng kababaihan sa mga programang inilatag ng gobyerno.

Sa kabilang banda, gaano nga ba tayo kapamilyar sa GAD na ito? Sino-sino ang may kinalaman at kabilang dito?

Batay sa paunang impormasyon, ang GAD ay nagbibigay ng karapatan sa mga kababaihan hindi lamang sa sector ng kalusugan, kundi maging sa employment, protection and care against violence, educational right, capital assistance for livelihood, emergency assistance, maayos na kapaligiran at marami pang iba.

Sa pangunguna ng ating butihing Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, at sa pakikipagtulungan ng Sangguniang Panglunsod at ng iba't ibang tanggapan, patuloy ang pagbabalangkas ng mga programa na makakatulong sa pagpapalaganap at pagpapatupad ng mandato ng GAD.

Bilang isang Calambeño, gaano na nga ba tayo ka-aware sa GAD? Ano na nga ba ang ating naiambag dito?

Oh nabitin ka ba? Abangan mo na lang ang mga susunod na kabanata at manatiling updated dito sa GAD on the spot! *(Jeseca L. Macasinag)*




## Requirements For Adoption

1. **willingness to be a Responsible Pet Owner**
2. **Fill up the Consent for Adoption Form**
3. **1 valid ID (xerox copy)**
4. **adoption is Free**
5. **First Come First Serve.. No Reservation**
6. **Schedule for Viewing and possibly Adoption:**

**Maari po lamang na mag punta sa tanggapan ng City Veterinary Office of Calamba for more information**

**Monday, Thursday & Friday 8:30am-4pm**

City of Calamba

ISO 9001:2008 CERTIFIED

# DIRECTORY

OFFICE | LOCAL NO. **545-6789**

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO
CITY MAYOR

### HON. ROSELLER H. RIZAL
CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. EDISON NATIVIDAD | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**IT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

# CALAMBALITA


## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*


**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/





https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Cciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/

